*May 22, 2024*

# Aerial BOMBING AT STRAPPING:

## Tugon ng AFP sa panibagong engkwentro sa pagitan ng 72nd DRC at NPA sa Baranggay Salay, Dipaculao Aurora

Bandang alas 6 ng gabi ng Mayo 21 ay nagkaroon uli ng engkwentro sa pagitan ng tropa ng 72nd Division Reconnaisance Company at ng NPA sa Baranggay Salay, Dipaculao, Aurora kung saan may 2 sugatan sa panig ng AFP at wala namang natamong kaswalti sa panig ng NPA.

Sa labis na pagkapikon ng tropa ng AFP, sinundan ng ang nasabing palitan ng putok ng pagpapalipad ng 2 ATTACK Helicopter na tuloy tuloy na nagstrapping sa SAPANG KAWAYAN. Nagpakawala din sila ng Bomba na tumama sa kabundukan ng Toytoyan Dipaculao. Kasabay nito ang tuloy tuloy na pagpapalipad ng mga drone na nanindak sa mga masa sa lugar hanggang sa mga kalapit na baranggay ng Maria Aurora, at mga coastal Baranggays ng bayan ng Dipaculao.

Dahil sa kaganapang ito, nagpatupad ng lockdown at force Evacuation sa mga baranggay na apektado ng nasabing insidente.

**Nais naming ilinaw na ang naturang labanan ay wala sa mga bahayan ng sibilyan**. Tinitiyak namin sa inyo na ipinapauna namin ang inyong kaligatasan una sa lahat sa anumang pagkakataon. Kaya lagi baming pinagsisikapan na makaiwas sa mga labanang posibleng may madadamay na sibilyan. Sa kabilang banda, pangkaraniwang buhay ng magsasaka na kasama ang NPA, sa baryo man o sa kanilang pook obrahan. Saan may masa, andon ang NPA. Ikinatutuwa nila na ang mga NPA ay kasama nilang nagtatabas sa niyugan, nagluluto ng kopra, nagtatanim man o naggagapas ng palay. Nilalaanan ng oras ng masa ang mga pag-aaral kaugnay sa lipunan at rebolusyong Pilipino at ang pagdalo sa mga sekretong pulong para talakayin ang kanilang kalagayan at mga dapat gawin para ipagtanggol ang demokratikong karapatan sa lupa at kabuhayan. Ipinagpapasalamat nila ang libre at epektibong serbisyong medikal na ipinagkakaloob ng NPA sa masa na may tunay na pagkalinga at layuning magamot ang sakit. Boluntaryo nilang pinag-aaral ang kanilang mga anak sa mga kasama na sa maiksing panahon ay mabilis na natututunan ang pagbabasa at pagsusulat, mulat na disiplina at kabutihang asal na hindi natutunan ng mga bata sa burges na eskwelahan. Kabaliktaran naman sa gawa ng AFP at mga sahurang armadong grupo ng reaksyunaryong gubyerno na perwisyo at peligro ang dulot sa mamamayan.

**May dapat bang ikatakot pag may NPA sa baryo?** "Mas nakakatakot 'pag wala kayo, kadwa. Wala nang kinatatakutan ang mga abusadong army. Dumarami ang mga magnanakaw at loko-loko. Mas masangil ang mga panginoong maylupa at sobrang pagkaganid ng mga komersyante at usurero 'pag wala kayo." Ito ang nakatataba sa puso na pahayag ng isang kasapi ng PKM sa baryo ng Puangi.

Nanawagan ang CPP-NPA-NDF na suportahan ang mamamayan ng Dipaculao para sa ligtas at malayang pamumuhay. IPATIGIL ang PAMBOBOMBA at STRAPPING sa lugar. Ipatigil din ang hamletting o pagkontrol sa sibilyang populasyon at pabalikin na sa mga lugar ng hanapbuhay ang mga tao. 🔥

# STOP AERIAL BOMBINGS and STRAPPING!!
# STOP HAMLETTING!!!

**TUNAY NA HUKBO NG SAMBAYANAN**
**Domingo Erlano COMMAND**
**NPA-Aurora**

